May hindi matitigil na isang pangkating kabilang sa Kalipunan ko na mga nangingibabaw hanggang sa dumating sa kanila ang utos ni Allāh habang sila ay mga nangingibabaw."}

Ayon kay Al-Mughīrah bin Shu`bah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "May hindi matitigil na isang pangkating kabilang sa Kalipunan ko na mga nangingibabaw hanggang sa dumating sa kanila ang utos ni Allāh habang sila ay mga nangingibabaw."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na may hindi matitigil na mga taong kabilang sa Kalipunan ko na mga nangingibabaw sa mga tao, na mga nananaig laban sa sinumang sumalungat sa kanila. Ito ay hanggang sa dumating sa kanila ang utos ni Allāh ng pagkuha sa mga kaluluwa nila sa wakas ng panahon ng Mundo bago ng pagsapit ng Huling Sandali.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/65879